CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

OPISYAL NA PAHAYAG

Pebrero 22, 2021

Kontak: Judeth Luong, Tagapamahala ng Kalusugan sa Kapaligiran, Departamento ng Kalusugan at Serbisyo ng Tao 562.570.4104, Judeth.Luong@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Ang mga dalampasigan sa Long Beach Pansamantalang Sinasarado dahil sa Dumi sa Alkantarilya

Ang Opisyal ng Kalusugan sa lungsod ng Long Beach na si Dr. Anissa Davis, ay nag-utos sa lahat ng mga lugar ng paglalangoy sa kanluran ng Belmont Pier sa Lungsod ng Long Beach na pansamantalang sarado para sa kontak ng tubig dahil sa isang kumalat na dumi sa alkantarilya. Ang batas ng estado ay nangangailangan ng pasamantalang pagsasara at pag-post sa mga dalampasigan sa mga sitwasyong ito, mula sa kasaganaan ng pag-iingat, hanggang sa matugunan ang kalidad ng tubig na mga kinakailan sa estado.

Ayon sa natanggap na ulat kaninang umaga ng Opisina ng Gobernador para sa Serbisyong Emerhensiya, kulang-kulang 26,241 galon ng dumi sa alkantariya ay kumalat sa ilog ng Los Angeles noong Pebrero 22, 2021. Ang kalat sa Alkantarilya ay sanhi ng aktibidad sa konstruksyon upang mapanatili ang isang pangunahing linya ng alkantarilya ng 48-pulgada.

Ang grupo ng Departamento para sa Kalusugan at Rekreasyon at Kalidad ng Tubig ay sinusubaybayan ang kalidad ng tubig kasama ang mga apektadong lugar ng dalampasigan. Magpapatuloy ang pagsubaybay sa tubig hanggang sa sumunod ang mga resulta sa pamantayan ng kalidad ng tubig ng estado.

Ang Long Beach ay may humigit-kumulang pitong milya ng pampublikong dalampasigan. Upang maprotektahan ang kaligtasan ng publiko, ang mga lingguhang sampol ng tubig ay kinokolekta at sinusubukan nang regular upang masubaybayan ang antas ng bakterya. Para sa kaligtasan, hinimok ang pamayanan na bigyang pansin ang anumang mga palatandaan ng babala na nai-post sa dalampasigan.

CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

Para sa pinakabagong katayuan ng kalidad ng Libangang Pantubig sa Long Beach, maaring tawagan ng publiko ang Hotline sa Tubig sa (562) 570-4199 o bumisita sa http://www.longbeach.gov/beachwaterquality

Para sa mga katanungan sa Media, maaring dumirekta kay Judeth Luong, Environmental Health Bureau Manager, Department of Health and Human Services, 562.570.4104, Judeth.Luong@longbeach.gov.

###